MGA SUPORTANG PAMPAMILYA NG POLL
ANG KAHALAGAHAN NG PANAYAM SA MGA WIKA AT INTERES NG PAMILYA

Ang Panayam sa Mga Wika at Interes ng Pamilya ay binuo bilang unang hakbang sa pag-alam kung paano magplano ng mga naka-target at makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng wika sa mga batang dual at multilingual na mag-aaral.

Para makapagplano nang may layunin para sa mga dual at multilingual na mag-aaral, ang panayam ay partikular na idinisenyo para makatulong sa mga provider na:

- Magsimula ng tuloy-tuloy na pag-uusap kasama ang mga miyembro ng pamilya na higit na nakakakilala sa bata.
- Bumuo ng tiwala sa pamamagitan ng pagtanggap sa pamilya at pag-anyaya ng partnership.
- Unawain ang mga hangarin at layunin ng pamilya para sa bata.
- Matutunan ang mga interes, kakayahan, at mga wika ng bata at kung paano siya nakikisalamuha sa loob ng pamilya.
- Humikayat ng mga boluntaryo, gumamit ng language modeling, at suportahan ang paggamit ng mga ibinahaging estratehiya sa parehong setting ng pamilya at pangangalaga sa bata.

Ang panayam ay isang kasangkapan para sa mga provider para makakuha ng mahahalagang impormasyon gamit ang gustong wika ng pamilya, makinig, makisalamuha, at bumuo ng ugnayan sa pamilya at matukoy kung anong uri ng suporta para sa pamilya, kapaligiran, at pagtuturo ang gagamitin sa pagpapaunlad ng kasanayan ng bata sa sariling wika at sa Ingles.

Ilan sa mga pangunahing tanong na tinatanong sa panayam ang nagbibigay ng impormasyon kung sino ang nakikipag-usap sa bata, anong mga wika ang ginagamit, at gaano kadalas ginagamit ang bawat wika.

> **Halimbawa:** Anong mga miyembro ng pamilya ang nakatira kasama ang bata? Sino ang pangunahing tagapag-alaga ng bata? Anong wika ang pinakamadalas gamitin ng pangunahing tagapag-alaga kapag kausap ang bata?
>
> Mahalaga ang impormasyong ito para maunawaan ng mga provider ang mga kagustuhan at layunin ng pamilya tungkol sa paggamit ng sariling wika at Ingles. Sa ganitong paraan, makakapagplano sila ng pagtuturo at karanasan sa wika na nagtataguyod sa mga layuning iyon.

Ang iba pang mahahalagang tanong ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kakayahan at interes ng bata.

> **Halimbawa:** Anong mga espesyal na talento o interes ang mayroon ang iyong anak?
>
> Ang tanong na ito ay nakatutulong sa mga provider para makapagplano ng makabuluhan at may kaugnayang mga karanasan sa pagkatuto na mag-uudyok sa bata at magpapahalaga sa kanyang kakayahan.

Ang paggamit ng Panayam sa Mga Wika at Interes ng Pamilya ay makatutulong sa pagbuo ng partnership sa mga pamilya at nagbibigay-diin sa kanilang mahalagang papel sa pagbibigay ng mayamang kultura at wika sa setting ng pangangalaga sa bata. Ginagamit ng mga provider ang impormasyong natutunan mula sa panayam para magplano ng naka-target na suporta para sa paglago at pag-unlad ng sariling wika at Ingles.

MGA MAPAGKUKUNAN:

Para matuto nang higit pa tungkol sa Panayam sa Mga Wika at Interes ng Pamilya, tingnan ang seksyong Mga Suportang Pampamilya sa **https://www.pollstrategies.org**